★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 67 ★

OO sa 67 upang BAWASAN ANG KALAT, PROTEKTAHAN ANG ATING KARAGATAN at MAIILAP NA MGA HAYOP-GUBAT, at BAWASAN ANG MGA GASTOS SA PAGLILINIS.

Ang iisang-paggamit na mga plastik na bag sa pamimili ay lumilikha ng ilan sa unang-unang nakikitang kalat na nakakarating sa ating mga parke, punongkahoy at kapitbahayan, at nadadala ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan. Ang botong OO ay tutulong na panatilihin ang mga itinapong plastik na bag na malayo sa ating mga bundok, lambak, dalampasigan at komunidad, at pinananatiling maganda ang mga ito. Ang batas ay makapagtitipid din para sa ating estado at lokal na komunidad ng sampu-sampung milyong dolyar sa mga gastos sa paglilinis ng kalat.

ANG MGA PLASTIK NA BAG AY NAKAMAMATAY NA BANTA SA MAIILAP NA MGA HAYOP-GUBAT.

"*Ang mga plastik na bag ay nakapipinsala sa maiilap na mga hayop-gubat araw-araw. Ang mga pagong sa dagat, otter sa dagat, seal, isda at ibon ay sumasabit sa mga plastik na bag; ang ilan ay napagkakamalang pagkain ang mga bag, pinupuno ang kanilang mga tiyan ng mga plastik at namamatay sa gutom. Ang OO sa 67 ay isang sentido-kumon na solusyon sa ating karagatan, lawa at batis, at nagpoprotekta sa maiilap na mga hayop-gubat.*"—*Julie Packard, Tagapagpaganap na Direktor, Monterey Bay Aquarium*

Ang OO sa 67 AY NAGPAPATULOY SA TAGUMPAY NG CALIFORNIA SA PAGTIGIL NG PAGGAMIT NG MGA PLASTIK NA BAG.

Ang botong OO ay magpapanatili ng isang batas na ipinasa ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador na pagpapatigil sa pamamahagi ng maaksayang iisang-paggamit na mga plastik na bag sa pamimili. Ang batas na ito ay may malakas na suporta mula sa mga organisasyon na nakalaang protektahan ang karagatan, maiilap na mga hayop-gubat, mga mamimili, at maliliit na negosyo. Ito ay lubos na ipatutupad sa buong estado sa sandaling aprobahan ng ang Prop. 67.

Maraming lokal na komunidad ang tumitigil na sa paggamit ng mga plastik na bag. Ang totoo, halos 150 lokal na lungsod at county ay nagbawal na sa iisang-paggamit na mga plastik na bag. Ang mga batas na ito ay naging tagumpay na; ang ilang komunidad ay nakakita ng halos 90 porsiyentong pagbawas sa iisang-paggamit na mga bag, gayon din ng malakas na suporta mula sa mga mamimili.

ANG LABAS-NG-ESTADO NA MGA KOMPANYA NG PLASTIK NA BAG AY SUMASALUNGAT SA PROGRESO NG CALIFORNIA.

Ang pagsalungat sa batas na ito ay pinopondohan ng apat na malaking labas-ng-estado na mga kompanya ng plastik na bag. Ayaw nilang mamuno ang California laban sa plastik na bag, at nagsisikap na talunin ang panukalang ito upang protektahan ang kanilang mga tubo.

Huwag paniwalaan ang kanilang mga maling sinasabi. Dapat nating bigyan ang batas sa plastik na bag ng California ng pagkakataong gumana, ngayong napakarami nang tagumpay sa lokal na antas.

OO sa 67 upang PROTEKTAHAN ANG BATAS SA PAGBAWAS NG KALAT NG PLASTIK NA BAG.

JULIE PACKARD, Tagapagpaganap na Direktor
Monterey Bay Aquarium

JOHN LAIRD, Tagapangulo
Konseho sa Proteksiyon ng Karagatan ng California

SCOTT SMITHLINE, Direktor
Kagawaran ng Muling Paggamit at Pagbawi ng mga Tagapagdulot ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 67 ★

GUSTO NATING LAHAT NA PROTEKTAHAN ANG KAPALIGIRAN, PERO ANG PROP. 67 AY ISANG PANDARAYA.

Ito ay isang $300 milyon kada taon NA NAKATAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili ng California na mapupuwersang magbayad ng pinakamababang 10 sentimo para sa bawat papel at makapal na bag ng groseri na ibinibigay sa kaniila bago lumabas.

AT WALA NI ISANG SENTIMO NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN.

Sa halip, ibinigay ng Lehislatura ang buong $300 milyon ng kita sa bagong buwis sa bag sa mga nagpapatakbo ng groseri bilang ekstrang tubo.

IYON AY $300 MILYON BAWAT TAON!

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA ESPESYAL NA INTERES.

Sa isang may-pagtatanging kasunduan na inayos ng mga tagalobi ng espesyal na interes, ang Proposisyon 67 ay magpapalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri ng hanggang $300 milyon sa isang taon.

Ang mga kawing-kawing na tindahan ng malaking groseri ay nakakakuha ng LAHAT ng kita sa bagong buwis.

Ang mga nagpapatakbo ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman bawat taon sa mga likod ng mga mamimili.

HUWAG PALOKO: WALA NI ISANG SENTIMO NG BUWIS SA PAGBABAWAL SA BAG NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN.

Maaaring ilaan ng Lehislatura ang kita sa bagong buwis upang protektahan ang kapaligiran, pero ang kanilang hangarin ay hindi protektahan ang kapaligiran . . . ITO AY ANG PAGPAPALAKI NG MGA TUBO PARA SA MGA TINDAHAN NG GROSERI AT MGA UNYON NG PAGGAWA.

Ang panukala ay PARTIKULAR NA NAG-AATAS SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI NA PANATILIHIN ANG BAGONG BUWIS BILANG TUBO!

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG.

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

DOROTHY ROTHROCK, Presidente
Kapisanan ng mga Tagayari at Teknolohiya ng California

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis ng California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor, at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.

★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 67 ★

HUWAG PALOKO SA PROP. 67.

Ito ay isang $300 milyon kada taon NA NAKATAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili ng California na mapupuwersang magbayad ng pinakamababang 10 sentimo para sa bawat papel at makapal na bag ng groseri na ibinibigay sa kanila bago lumabas.

At wala ni isang sentimo na pupunta sa kapaligiran.

Sa halip, ibinigay ng Lehislatura ang buong $300 milyon ng kita sa bagong buwis sa mga nagpapatakbo ng groseri bilang ekstrang tubo.

Patigilin ang may-pagtatanging kasunduan sa espesyal na interes . . . BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

PATIGILIN ANG BUWIS SA BAG

Ang Prop. 67 ay nagbabawal sa paggamit ng mga plastik na bag sa pagtitingi at NAG-AATAS sa mga nagpapatakbo ng groseri na sumingil at magpanatili ng pinakamababang 10 sentimong buwis sa bawat papel o mas makapal na plastik na muling nagagamit na bag na ibinibigay bago lumabas.

Ang mga mamimili ay magbabayad ng karagdagang $300 milyon bawat taon para gumamit lamang ng mga bag sa pamimili na dating ipinagkakaloob nang libre ng mga tindahan ng groseri.

ANG KITA SA BUWIS AY PUPUNTA SA MGA NAGPAPATAKBO NG GROSERI, MGA ESPESYAL NA INTERES

Ang Proposisyon 67 ay magpapalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri ng hanggang $300 milyon sa isang taon.

Ang mga kawing-kawing na tindahan ng malaking groseri ay makapagpapanatili ng lahat ng kita sa bagong buwis.

Ang mga nagpapatakbo ng groseri ay magiging $300 milyon na mas mayaman sa mga likod ng mga mamimili.

WALA NI ISANG SENTIMO NG BUWIS SA PAGBABAWAL SA BAG NA PUPUNTA SA KAPALIGIRAN

Maaaring ilaan ng Lehislatura ang kita sa bagong buwis upang protektahan ang kapaligiran, pero hindi nito ginawa ito.

Sa halip, ito ay NAG-ATAS na ang mga tindahan ng groseri ay magpanatili ng kita sa bagong buwis sa bag.

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN SA ESPESYAL NA INTERES NA KAUGNAY NG BUWIS SA BAG

Ang Prop. 67 ay isang kasunduang niluto ng mga tagalobi ng espesyal na interes sa Sacrameto upang magpalaki ng mga tubo para sa mga tindahan ng groseri.

Ipinasa ng Lehislatura ang SB 270 at nakatago sa maliliit na letra ang isang BAGONG BUWIS SA BAG sa mga mamimili—isang pinakamababang 10 sentimo sa bawat papel at makapal na plastik na muling nagagamit na bag na ibinibigay sa mga mamimili—lahat ay nakalaan sa mga tubo ng nagpapatakbo ng groseri.

PATIGILIN ANG MAY-PAGTATANGING KASUNDUAN AT NAKATAGONG BUWIS SA BAG

BUMOTO NG HINDI SA PROP. 67.

DOROTHY ROTHROCK, Presidente
Kapisanan ng mga Tagayari at Teknolohiya ng California

THOMAS HUDSON, Tagapagpaganap na Direktor
Komite sa Proteksiyon ng Nagbabayad ng Buwis ng California

DEBORAH HOWARD, Tagapagpaganap na Direktor
Liga ng mga Tagapagtaguyod ng Nakatatanda ng California

★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 67 ★

Ang botong OO sa 67 ay nagkukumpirma na ang California ay maaaring sumulong sa pagbabawal nito sa mga plastik na bag ng groseri. Ganyan kasimple ito.

Huwag paloko sa mapanlinlang na kampanya ng mga korporasyon ng plastik na bag mula sa Texas at South Carolina, na nagsasabi na sila ay nangangalaga sa ating kapaligiran. Ang pagtigil ng paggamit ng iisang-paggamit na mga plastik na bag ay nagdadala ng malalaking benepisyo sa California.

Ang mga bag na ito ay papatay ng maiilap na mga hayop-gubat, magpaparumi sa ating mga karagatan, sisira sa mga makina sa muling paggamit, at magdudulot ng kalat na magastos linisin.

Maraming lokal na komunidad sa buong California na tumigil na sa paggamit ng mga plastik na bag ng groseri, at ang botong OO ay magpapatuloy ng progresong ito.

"*Huwag kagatin ang pagpapaikot ng industriya! . . . maaaring iwasan ng mga mamimili ang 10-sentimong fee sa papel o muling nagagamit na mga plastik na bag sa pamamagitan lamang ng pagdadala ng sarili nilang mga bag.*"—*Lupon ng patnugutan ng Los Angeles Times*

"*Sa buong Californria, ang maliliit n lokal na tindahan ng groseri na tulad ng sa amin ay sumusuporta sa botong OO sa Prop. 67. Sa aming lokal na komunidad, kami ay may pagbabawal sa iisang-paggamit na mga plastik na bag na mahusay na gumagana. Ang aming mga parokyano ay nagdadala ng kanilang mga sariling muling nagagamit na bag, at masayang gawin ang kanilang bahagi upang bawasan ang hindi kailangang kalat na plastik. Ito ay mabuti para sa maliliit na negosyo at mamimili.*"—*Roberta Cruz, La Fruteria Produce*

"*Ang mga Taga-California ay mas matalino kaysa inaakala ng mga gumagawa ng mga plastik na bag, lalo na mula sa labas ng estado.*"—*Lupon ng Patnugutan ng Sacramento Bee*

Bumoto ng OO sa 67 upang protektahan ang tagumpay ng California sa pagtanggal ng kalat at basurang plastik na bag.

DOLORES HUERTA, Ka-Tagapagtatag
Nagkakaisang mga Manggagawa ng Bukid

SAM LICCARDO, Alkalde
Lungsod ng San Jose

MARY LUÉVANO, Komisyonado
Komisyon sa Baybay-dagat ng California